

EPEKTO NG CODE-SWITCHING SA AKADEMIKONG KAKAYAHAN NG MGA MAG-AARAL SA ASIGNATURANG FILIPINO

DOI: 10.5281/zenodo.16328471

JENNIFER V. GONZALES

Mag-aaral, Graduate School of Education, University of the Visayas

ORCID: 0009-0007-5562-3167

jennifer.gonzales1@deped.gov.ph

MIRAFLORE I. SALDUA, DALC-FILIPINO (Cand.)

Propesor, Graduate School of Education, University of the Visayas

ORCID: 0000-0002-9067-0184

saldumiraflore@gmail.com

ABSTRAK

Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang kabisaan ng paggamit ng code-switching o salitan na paggamit ng dalawang wika sa pagtuturo ng asignaturang Filipino para sa mga mag-aaral sa Baitang 11 ng Babag National High School-Senior High School sa taong panuruan 2024-2025. Gumamit ang pananaliksik ng dalawang grupo ng mag-aaral: ang isang grupo ay tinuruan gamit ang code-switching-experimental na grupo, habang ang isa ay gumamit ng kumbensiyunal na paraan ng pagtuturo. Lumahok dito ang 60 mag-aaral mula sa strand na TVL-HE-Cookery. Ipinakita ng resulta na parehong grupo ay nagpakita ng pag-unlad matapos ang pagtuturo, ngunit mas naging mahusay ang mga mag-aaral na tinuruan gamit ang code-switching. Bukod dito, naging mas pare-pareho ang kanilang naging pagganap. Sa kabuuan, napatunayan ng pag-aaral na ang paggamit ng code-switching ay nakatutulong upang mas maintindihan ng mga mag-aaral ang aralin at mas mapalalim ang kanilang pakikilahok sa klase sa kadahilanang mas nakakapagpapahayag sila ng kanilang mga ideya at saloobin tungkol sa paksa. Inirerekomenda ng pag-aaral na isaalang-alang ito ng mga guro bilang isang mabisang paraan ng pagtuturo sa tukoy na mga kasanayan na mababa ang kompetensi.

Susing Salita: *Code-Switching*, Akademikong kakayahan, Asignaturang Filipino, Programang Interbensyon

PANIMULA

Ayon sa itinadhana ng 1987 Konstitusyon at sa Department Order No. 25, s. 1974 na may pamagat na *Implementing Guidelines for the Policy on Bilingual Education*, ipinatutupad ang paggamit ng wikang Ingles at Filipino bilang hiwalay na midyum ng pagtuturo sa mga paaralan. Nakasaad sa patakarang ito na ang Ingles ang gagamitin sa pagtuturo ng Agham, Matematika, at Teknolohiya, samantalang ang Filipino ay sa mga asignaturang Agham Panlipunan, Musika, Sining, Edukasyong Pampisikal, Edukasyong Pantahanan, at Edukasyong Pagpapakatao. Gayunpaman, sa kasalukuyang konteksto, kapansin-pansin ang paglaganap ng code-switching o pagpapalit-koda, kung saan salit-salit na ginagamit ang Ingles, Filipino, at maging ang mga rehiyonal na wika gaya ng Bisaya sa pang-araw-araw na komunikasyon, maging sa loob ng silid-aralan.

Sa Babag National High School-Senior High School, karaniwan na ang code-switching sa interaksyon ng mga mag-aaral, lalo na sa mga asignaturang may kaugnayan sa pagsusuri ng mga teksto. Ginagamit nila ito upang higit na maunawaan ang nilalaman ng binabasa at upang mas malinaw na maipahayag ang kanilang mga ideya. Subalit may mga guro na nangangambang maaaring makaapekto ito sa kasanayan ng mga mag-aaral sa akademikong wika, partikular sa asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik na nangangailangan ng masinop na paggamit ng wika at masalimuot na pag-unawa sa mga tekstong akademikong.

Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang epekto ng code-switching sa kakayahang akademikong ng mga mag-aaral sa nabanggit na asignatura. Partikular nitong tatalakayin kung ang naturang gawi ay nakatutulong sa pagpapadali ng pag-unawa sa mga akademikong teksto o nagiging hadlang sa paglinang ng tamang paggamit ng akademikong wika. Ayon kay Creswell (2009), ang pananaliksik ay isang sistematikong proseso ng pagtatanong upang masusing maunawaan ang isang penomenon; kaya't mahalagang gamitin ang angkop na metodolohiya upang masukat ang epekto ng code-switching sa akademikong kakayahan ng mga mag-aaral. Sa ganitong konteksto, gagamitin sa pananaliksik na ito ang kwantitatibong datos. Sa huli, inaasahang makatutulong ang pag-aaral na ito sa mga guro, mag-aaral, at tagapagdisenyo ng kurikulum sa pagbuo ng mga estratehiyang mas angkop sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa, pagsusuri, at pananaliksik sa loob ng silid-aralan.


Balangkas Teoretikal

Ang pananaliksik na ito ay nakaangkla sa Translanguaging Theory na unang ipinakilala ni Cen Williams noong dekada 1980 sa Wales, at pinalawak nina García at Wei (2014) sa konteksto ng edukasyong multilingguwal. Naniniwala ang mga iskolar na ito na ang sabayang paggamit ng unang wika (L1) at pangalawang wika (L2) sa isang silid-aralan ay hindi hadlang sa pagkatuto kundi isang estratehikong kasanayan na makatutulong sa mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral lalong-lalo na sa mga aralin na mahirap para sa mag-aaral. Ayon kay García, ang translanguaging ay isang pedagogical approach kung saan pinahihintulutan at hinihikayat ang mga mag-aaral na malayang gumamit ng lahat ng kanilang linguistic resources—kabilang ang L1 at L2—upang makabuo ng kahulugan, makapagkomunikasyon, at makaproseso ng kaalaman. Sa halip na ituring na hadlang ang paggamit ng L1, ito ay ginagamit bilang tulay tungo sa pagkatuto ng L2 at ng mas komplikadong konsepto.

Sa kanyang mga pag-aaral, ipinapakita ni García na ang translanguaging ay maaaring maging mabisang estratehiya sa pagtuturo, lalo na sa mga kontekstong multilingguwal gaya ng Pilipinas. Sa halip na paghigpitan ang paggamit ng L1 sa loob ng silid-aralan, pinalalakas ng translanguaging ang kakayahang metakognitibo ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng wika sa paraan na natural at makabuluhan para sa kanila. Ito ay sumusuporta sa ideya na ang code-switching—ang pagpapalit-palit ng wika sa loob ng diskurso—ay hindi simpleng linguistic gap, kundi isang pamamaraang kognitibo at pedagogical.

Isinasalang-alang din sa pananaliksik na ito ang Sociocultural Cognitive Development Theory ni Lev Vygotsky, isang teoryang nagpapaliwanag kung paanong ang pagkatuto at pag-unlad ng kaisipan (cognitive) ng isang tao ay malapit na kaugnay sa kanyang sosyal at kultural na konteksto. Isa sa mga mahalagang konsepto ng teorya ni Vygotsky ay ang wika bilang kasangkapan ng pagkatuto, at dito pumapasok ang kaugnayan ng translanguaging.

Pigura 1
Iskematik Dayagram



Ang Sociocultural Cognitive Development Theory ni Vygotsky ay nagbibigay-diin sa mahalagang papel ng pakikipag-ugnayan sa kapwa, kultura, at wika sa pagkatuto at pag-unlad ng kognisyon ng isang tao. Ayon kay McLeod (2023), ipinapalagay ni Vygotsky na ang kaalaman ay hindi basta-basta natututuhan nang mag-isa; sa halip, ito ay nahuhubog sa tulong ng mga interaksyong panlipunan, lalo na kung may gabay mula sa mas may kaalaman, na tinatawag niyang More Knowledgeable Other (MKO). Ang Zone of Proximal Development (ZPD) naman ay tumutukoy sa pagitan ng kung ano ang kayang gawin ng mag-aaral nang mag-isa at kung ano ang kaya niyang gawin sa tulong ng iba (Durwin & Reese-Weber, 2019). Sa ganitong konteksto, ang wika ay nagsisilbing pangunahing kasangkapan upang maipasa ang kaalaman at mahubog ang pag-iisip.

Kaugnay nito, ang translanguaging, o ang malayang paggamit ng L1 at L2 sa loob ng isang usapan, ay maaaring ituring na isang cultural tool na ginagamit upang mapadali ang pagkatuto. Ipinapakita sa mga pag-aaral na ang paggamit ng parehong wika sa klase ay nakatutulong upang mailarawan nang mas malinaw ang mga bagong kaalaman, lalo na sa mga kontekstong multilingguwal gaya ng Pilipinas (Wikipedia, 2023). Sa ganitong paraan, nagiging tulay ang translanguaging sa pagitan ng mga konseptong pamilyar at bagong natututuhan.

Ayon kay Cherry (2023), ang kakayahan ng isang mag-aaral na makapag-translanguaging ay indikasyon ng kanyang metacognitive awareness—na siya ay may kamalayan sa kanyang pagkatuto at gumagamit ng wika upang mapalalim ito. Sa pananaw ni Vygotsky, ang ganitong paraan ng paggamit ng wika—gaya ng translanguaging—ay isang natural at makabuluhang hakbang sa pagbuo ng mas mataas na kognitibong kasanayan.

Ang dayagram na ito ay nagpapakita ng konseptuwal na balangkas ng pananaliksik na nakaangkla sa dalawang pangunahing teorya: ang Translanguaging Theory nina Cen Williams (1980) at García at Wei (2014), at ang Sociocultural Cognitive Development Theory ni Lev Vygotsky (1978). Ayon sa Translanguaging Theory, ang sabayang paggamit ng unang wika (L1) at pangalawang wika (L2) sa loob ng silid-aralan ay isang estratehikong kasanayan na

tumutulong sa pag-unawa at mas malalim na pagkatuto ng mga mag-aaral. Itinuturing ang paggamit ng dalawang wika bilang isang paraan upang magamit nang buo ang linguistic resources ng mga mag-aaral. Samantala, binibigyang-diin ni Vygotsky na ang pagkatuto ay hindi hiwalay sa kontekstong panlipunan at kultural; sa halip, ito ay nahuhubog sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kapwa gamit ang wika bilang pangunahing kasangkapan. Ang dalawang teoryang ito ay parehong nagbibigay-linaw sa papel ng code-switching bilang isang pedagogical at kognitibong kasangkapan sa pagtuturo.

Sa gitna ng dayagram ay ang konsepto ng code-switching, na siyang sentral na pokus ng pananaliksik. Mula sa konseptong ito, inilalarawan kung paano ito naisasabuhay sa aktuwal na konteksto ng edukasyon, tulad ng paggamit ng code-switching sa pagtuturo ng Filipino. Sa paggamit ng salit-salit na wika, mas madaling nauunawaan ng mga mag-aaral ang masalimuot na paksa, at nabibigyan ng mas personal at kontekstuwal na koneksyon ang aralin. Kaugnay nito, isa sa mga aplikasyon ay ang paggamit ng code-switching sa pasulit sa paglilimita ng paksa para sa pananaliksik, kung saan nagiging tulay ito upang mas mailarawan sa mga mag-aaral ang mga abstraktong konsepto. Bilang bahagi ng mas malawak na layunin, inilahad din sa dayagram ang pangangailangang magsagawa ng capability building para sa mga guro tungkol sa tamang paggamit ng code-switching. Sa pamamagitan nito, masisiguro na ang code-switching ay nagagamit sa paraang sistematiko, epektibo, at nakabatay sa mga prinsipyo ng edukasyong makatao at makawika.

Mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral

Ang kahusayan sa paggamit ng wika sa silid-aralan ay mahalaga sa tagumpay ng mga mag-aaral. Ayon kay Lachica (2001), nakatutulong ang malinaw na gamit ng wika sa pagpapalalim ng pagkatuto at pakikilahok sa klase. Ipinapahiwatig ni Turnbull (2022) na ang code-switching ay maaaring gamitin ng mga guro upang ipaliwanag ang mahihirap na konsepto gamit ang wikang mas pamilyar sa mga mag-aaral. Bilang isang bansang multilinggwal, karaniwan sa mga mag-aaral ang paggamit ng halong Ingles, Filipino, at rehiyonal na wika gaya ng Bisaya, batay sa konteksto ng komunikasyon. Ayon kay Aguirre (2025), ang code-switching ay hindi hadlang kundi isang estratehikong paraan upang mapadali ang pagkatuto at mapalakas ang tiwala ng mag-aaral. Batay sa pananaw nina Jacobson (1990), Gardner-Chloros (2009), at Bullock at Toribio (2009), ang code-switching ay hindi simpleng pagkukulang sa wika, kundi palatandaan ng mataas na kakayahang lingguwistiko. Pinatibay pa ito ng mga teoryang sosyolingguwistika nina Myers-Scotton (1993), Gumperz (1982), at Hymes (1972) na nagpapakita ng ugnayan ng wika, konteksto, at layunin ng komunikasyon. Sa edukasyon, maaaring gamitin ang code-switching bilang tulay sa mas malalim na pag-unawa at aktibong partisipasyon sa multilinggwal na silid-aralan (Canagarajah, 2013; Lin, 2013).

Ipinakita sa maraming pananaliksik ang positibo at negatibong epekto ng code-switching sa akademikong pagganap. Ayon kay Asuncion (2010), nakatutulong ito sa pagpapalawak ng bokabularyo at pagpapahusay ng pagpapahayag. Nakita rin ni Yi (2017) ang koneksyon nito sa mas mataas na antas ng critical thinking. Sinusuportahan ito nina Garcia at Wei (2014), Canilao at Rodriguez (2015), at Villanueva at Gamiao (2022), na nagsabing nakatutulong ang code-switching sa mas malinaw na instruksyon at mas epektibong pagkatuto. Sa Cebu City, iniulat nina Lumbré at Rizon (2019) na karaniwan at kapaki-pakinabang ito sa mga mag-aaral. Ayon naman kina Sato (2015), Martin (2006), at Abastillas (2015), likas na bahagi ito ng komunikasyon at mahalagang kasangkapan sa pag-unawa. Samantala, may ilan ding pananaliksik na nagbabala sa negatibong epekto ng labis o maling paggamit ng code-switching. Ayon kay Cruz (UP), maaari itong makaapekto sa pag-unawa ng teknikal na termino. Ipinakita nina Gorospe (DLSU), Miller at Harrison (Swarthmore), at Gonzalez (2016) na maaaring makaapekto ito sa akademikong Ingles, cognitive function, at maging sa language anxiety. Sa kabila nito, nananatiling mahalagang isalang-alang ang konteksto, estratehiya, at layunin ng paggamit ng code-switching upang ito ay magamit nang epektibo sa edukasyon.

METODOLOHIYA

Ang pahina na ito ay naglalahad sa metodolohiya na ginamit sa pangangalap ng datos sa mga naging tagapagtugon sa pananaliksik. Inilahad sa pahinang ito ang disenyo sa pananaliksik, kaligiran ng pag-aaral, mga tagapagtugon ng pag-aaral, instrumentong ginamit, pamamaraan sa pananaliksik at mga isinaalang-alang na mga etika sa pagsasagawa ng pananaliksik.

Disenyo

Ginamit sa pananaliksik na ito ang Quasi-Experimental Design, partikular ang *nonrandomized matching method*, upang matiyak ang patas na paghahambing sa pagitan ng eksperimental at kontrol na grupo. Binigyang-diin sa disenyo ang layunin ng pag-aaral na matukoy kung may epekto ang paggamit ng code-switching sa akademikong kakayahan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Sa Figura 2, makikita ang representasyon ng disenyo ng pananaliksik. Ang kontrol na grupo ay sumailalim sa pre-test (O_1), tinuruan gamit ang kumbensyunal na pamamaraan ng pagtuturo (X_1), at sinundan ng post-test (O_3). Samantala, ang eksperimental na grupo ay

sumailalim din sa pre-test (O_2), pagkatapos ay tinuruan gamit ang code-switching bilang interbensyon (X_2), at sinundan ng post-test (O_4).

Upang masukat ang akademikong kakayahan ng mga kalahok bago ang interbensyon, gumamit ang mananaliksik ng test questionnaire para sa pre-test sa parehong grupo. Ang parehong instrumento ay ginamit sa post-test upang matukoy ang naging pagbabago sa kanilang kasanayan matapos ang dalawang linggong interbensyon. Sa panahong ito, ang eksperimental na grupo ay tinuruan gamit ang code-switching sa bahagi ng talakayan, habang ang kontrol na grupo ay tinuruan sa paraang kumbensyunal na hindi gumagamit ng code-switching.

Matapos ang interbensyon, ang mga resulta ng pre-test at post-test ay sumailalim sa pagsusuri gamit ang paired sample z-test upang matukoy kung may makabuluhang pagbabago sa akademikong kakayahan ng mga mag-aaral. Sa kabuuan, layunin ng disenyo na tukuyin kung ang paggamit ng code-switching ay may positibong epekto sa pag-unawa at pagganap ng mga mag-aaral. Ang maingat na paghahati ng mga kalahok sa kontrol at eksperimental na grupo, gayundin ang paggamit ng estadistikal na pagsusuri, ay nakatulong upang matiyak ang katumpakan at bisa ng mga natuklasan sa pag-aaral na ito.

Kapaligiran

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa Babag National High School–Senior High School (BNHS–SHS) na matatagpuan sa Lungsod ng Lapu-Lapu, Lalawigan ng Cebu. Ang BNHS–SHS ang may pinakamalaking populasyon ng mag-aaral sa lungsod, at nag-aalok ng programa para sa Junior High School, Senior High School, at mga alternatibong programa tulad ng Alternative Learning System (ALS), Open High School Program (OHSP), at Night High School.

Sa panahon ng pananaliksik, ang paaralan ay may kabuuang **7,524** na mag-aaral, kung saan **1,622** ay mula sa Senior High School. Binubuo ito ng humigit-kumulang **250** guro (177 sa JHS at 73 sa SHS) at may labindalawang gusali – siyam para sa JHS at tatlo para sa SHS. Dahil sa kakulangan ng mga silid-aralan, ipinatupad ng paaralan ang dalawang shift: ang umagang shift mula alas-sais ng umaga hanggang alas-dose ng tanghali, at ang hapong shift mula ala-una ng hapon hanggang alas-otso ng gabi.

Respondente

Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay mga mag-aaral sa Baitang 11 ng Babag National High School–Senior High School na kabilang sa strand na TVL-HE-Cookery. Sila ay kasalukuyang kumukuha ng asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba’t Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik para sa taong panuruan 2024–2025. Kabilang dito ang dalawang seksyon: ESC at AMS, na hinati upang bumuo ng dalawang pangkat—ang experimental grupo (ESC) at kontrol na grupo (AMS)—na may kabuuang animnapung (60) mag-aaral. Naging batayan sa pagpili ng dalawang grupo ang kanilang strand at bilang sa bawat pangkat. Sila lamang ang TVL strand na may dalawang pangkat. Ang pagkakatalaga ng mga pangkat ay batay sa resulta ng kanilang Mean Percentage Score (MPS) sa ikatlong markahang pagsusulit. Ang 11-AMS ay nagtamo ng MPS na 60.74%, samantalang ang 11-ESC ay nagtamo ng 49.58%. Dahil dito, itinalaga ang 11-ESC bilang experimental grupo at ang 11-AMS bilang kontrol na grupo. Hindi isinama sa pananaliksik na ito ang mga mag-aaral na wala sa Baitang 11, hindi kabilang sa pangkat ESC o AMS, hindi kumukuha ng nabanggit na asignatura, at hindi mula sa strand na TVL-HE-Cookery para sa taong panuruan 2024–2025.

Talahanayan 1

Distribusyon ng Respondente

Baitang at Pangkat	Respondente		Kabuuan
	Lalaki	Babae	
11- ESC (Experimental na grupo)	15	15	30
11-AMS (Kontrol na grupo)	15	15	30
		Kabuuan	60

Instrumento

Sa pananaliksik na ito, ginamit ang pre-test at post-test bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos upang masuri ang epekto ng code-switching sa akademikong kakayahan ng mga mag-aaral sa asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba’t Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik.

Ang parehong pagsusulit ay binubuo ng dalawampung (20) multiple choice na katanungan na nakatuon sa paksang pagpili at paglilimita ng paksa sa pananaliksik. Sinukat ng pagsusulit ang antas ng kaalaman, pag-unawa, at lohikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa pagbabalangkas at pagsusuri ng paksa para sa pananaliksik. Ang bawat item ay

may apat na pagpipilian (A, B, C, D) at may katumbas na isang (1) puntos ang bawat tamang sagot. Dahil dito, ang kabuuang posibleng puntos ay dalawampu (20). Inasahan ang mga mag-aaral na sumagot sa pamamagitan ng pagpili at pagsulat ng titik ng tamang sagot sa bawat bilang.

Isinagawa ang pre-test bago ang interbensyon ng code-switching para sa experimental group, habang ang control group ay tinuruan sa karaniwang paraan. Ibinigay naman ang post-test pagkatapos ng interbensyon upang masukat ang naging epekto ng code-switching sa kanilang akademikong pagganap.

Upang matiyak ang bisa ng nilalaman ng pagsusulit, ito ay pinasuri sa tatlong (3) dalubhasang guro sa asignaturang Filipino mula sa parehong paaralan. Sinuri nila ang kaugnayan ng mga tanong sa layunin ng pag-aaral, ang kalinawan ng wika, at ang antas ng kognitibong kasanayan na sinusukat ng bawat aytem. Batay sa kanilang obserbasyon at mungkahi, ang pagsusulit ay dumaan sa masusing rebisyon bago ito opisyal na ginamit sa pag-aaral.

Sa kabuuan, ang paggamit ng pre-test at post-test ay nagbigay-daan sa isang komprehensibong pagsusuri sa epekto ng code-switching. Hindi lamang nito nasukat ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral, kundi pati na rin ang kanilang pag-unawa at pananaw ukol sa paggamit ng code-switching bilang estratehiya sa pagtuturo at pagkatuto.

Pangangalap ng Datos

Upang makuha ang kinakailangang datos para sa pananaliksik na ito, ginamit ng mananaliksik ang pre-test at post-test bilang pangunahing instrumento sa pagsusuri ng epekto ng code-switching sa kakayahang akademiko ng mga mag-aaral. Nahati sa tatlong yugto ang proseso ng pangangalap ng datos: bago ang pangangalap ng datos, aktuwal na pangangalap ng datos, at pagkatapos ng pangangalap ng datos.

Bago Mangalap ng Datos. Bago simulan ang aktuwal na pangangalap ng datos, humingi ng pahintulot ang mananaliksik mula sa Schools Division Superintendent at sa punong-guro ng Babag National High School-Senior High School sa pamamagitan ng isang pormal na liham. Inilahad sa liham ang layunin ng pananaliksik, saklaw ng pag-aaral, at uri ng mga aktibidad na isasagawa tulad ng pre-test, interbensyon, at post-test. Matapos mabigyan ng pahintulot, pinili ang mga kalahok mula sa dalawang seksyon ng mag-aaral sa strand na TVL-HE Cookery sa baitang 11, na hinati sa isang eksperimental na grupo at isang kontrol na grupo.

Habang Nangangalap ng Datos. Ang aktuwal na pangangalap ng datos ay isinagawa sa loob ng dalawang linggo at binubuo ng mga sumusunod na hakbang:

a. Pagsasagawa ng Pre-Test

Isinagawa ang pre-test sa parehong grupo upang masukat ang kanilang paunang antas ng kasanayan sa paksang "pagpili at paglilimita ng paksa sa pananaliksik" bago ang anumang interbensyon. Binubuo ito ng dalawampung (20) multiple choice na tanong.

b. Eksperimental na Proseso

Talahanayan 2

Interbensyon (10 Araw)

Araw	Paksa	Eksperimental na Grupo (Code-Switching)	Kontrol na Grupo (Kumbensyunal na Pagtuturo)
1	Panimula sa pananaliksik at kahalagahan nito	May paggamit ng Filipino, Bisaya at Ingles ang kahulugan at kahalagahan ng pananaliksik.	Ipinaliwanag sa purong Filipino ang kahulugan at kahalagahan ng pananaliksik.
2	Katangian ng isang mabuting paksa sa pananaliksik	Tinalakay ang criteria gamit ang mga halimbawa sa dalawang wika. <i>e.g., "Relevant ba ito sa current context? Mahalaga ba ito sa lipunan?"</i>	Tinalakay ang mga katangian ng paksa gamit ang kumbensyunal na talakayan sa klase.
3	Pagkilala sa mga problemang panlipunan bilang panimulang hakbang sa pagpili ng paksa	Gumamit ng multimedia na may English-Filipino explanations. Pinahintulutan ang mga tanong sa dalawang wika at maging ang paggamit ng sariling dayalekto.	Gumamit ng lecture-based na talakayan. Pinatnugot sa pagsagot ng tanong sa Filipino lamang.

4	Brainstorming at ideya generation ng posibleng paksa	Pina-brainstorm ng paksa gamit ang guide questions sa Filipino at Ingles. Pinagsama ang pares para sa group work.	Pina-brainstorm sa pangunguna ng guro at ng mga lider sa pangkat. Lahat ng panuto ay nasa wikang Filipino.
5-6	Pagkilala sa sariling interes at kakayahan sa pagpili ng paksa	Inilapat ang self-reflection worksheet na may English-Filipino prompts.	Gumamit ng tanong na gabay at pinasagot sa talaarawan sa Filipino.
7	Pagsusuri kung may sapat na datos o impormasyon ang paksa	Nagpakita ng sample sources (Filipino/English articles) at nagturo kung paano alamin kung sapat ang impormasyon.	Gumamit ng print materials at worksheet sa Filipino upang suriin kung may mapagkukunan ng datos.
8	Pagtukoy sa layunin ng pananaliksik batay sa napiling paksa	Gamit ang bilingual sentence construction (e.g., " <i>The purpose of this research is.../Layunin ng pananaliksik na ito ay...</i> "), isinulat ang layunin.	Gumamit ng gabay na tanong upang matukoy ang layunin. Lahat ng diskurso ay nasa wikang Filipino.
9-10	Paglilimita ng paksa	Pinaliwanag ang "scope and delimitation" gamit ang mga halimbawang bilingual. Pinagawa ng tsart.	Tinalakay ang paraan ng paglilimita ng paksa gamit ang tradisyonal na board work at pagsagot sa tanong.

Pareho ang aralin at layunin ng pagtuturo para sa parehong grupo upang matiyak ang patas na paghahambing ng resulta.

c. Pagsasagawa ng Post-Test

Matapos ang interbensyon, isinagawa ang post-test sa parehong grupo upang masukat ang naging pagbabago sa kanilang akademikong kakayahan. Ginamit ang parehong pagsusulit upang mapagkumpara ang resulta bago at pagkatapos ng interbensyon.

Pagkatapos Mangalap ng Datos. Matapos makalap ang lahat ng datos mula sa pre-test at post-test, isinagawa ang estadistikal na pagsusuri gamit ang paired sample t-test. Ginamit ito upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng interbensyon. Ang resulta ng pagsusuri ang naging batayan sa pagbibigay ng kongklusyon at mga rekomendasyon ng pananaliksik.

Pag-aanalisa sa Datos

Upang masuri ang epekto ng interbensyon, gumamit ng z-test ang mananaliksik sapagkat ang bilang ng kalahok sa bawat grupo ay hindi hihigit sa tatlung. Layunin nitong matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng pre-test at post-test ng experimental na grupo na gumamit ng code-switching at ng kontrol na grupo na tinuruan sa kumbensiyunal na paraan.

Sa pamamagitan ng computed z-value at p-value ($\alpha = 0.05$), nasuri kung may statistically significant na pagbabago sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Kapag mas mataas ang marka sa post-test kaysa sa pre-test, ipinapalagay na may positibong epekto ang code-switching bilang estratehiya sa pagtuturo.

Ang estadistikal na pagsusuri ay nagsilbing batayan sa interpretasyon ng resulta ng pananaliksik. Mula rito, natukoy kung ang paggamit ng code-switching ay may positibo, negatibo, o walang epekto sa akademikong kakayahan ng mga mag-aaral, na naging gabay sa pagbibigay ng kaukulang rekomendasyon.

Etikal na Konsiderasyon

Ang pananaliksik ay isinagawa alinsunod sa Deklarasyon ng Helsinki (WMA, 2013) at inaprubahan ng Research and Ethics Committee ng University of the Visayas (Ref. No. 2025-0276, Hunyo 17, 2025). Kabilang sa pag-aaral ang mga mag-aaral ng Babag National High School–Senior High School.

Bago sumagot sa mga talatanungan, ang mga kalahok ay binigyan ng pahintulot na liham na naglalaman ng layunin, proseso, benepisyo, panganib, at mga patakarang sa kompidensyalidad at boluntaryong pakikilahok. Walang pinansyal na insentibo ang ibinigay, at walang salungat na interes ang idineklara. Ginagarantiya ang karapatang umatras ng mga kalahok anumang oras nang walang masamang epekto. Tinuturing din ng mananaliksik ang kaligtasan ng mga kalahok at ang proteksyon ng datos laban sa hindi awtorisadong pag-access.

RESULTA AT TALAKAYAN

Sa kabanatang ito, inilalahad at sinusuri ang mga datos na nakalap mula sa isinagawang pag-aaral hinggil sa epekto ng *code-switching* sa akademikong kakayahan ng mga mag-aaral sa asignaturang *Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik*. Ang mga datos ay nakolekta sa pamamagitan ng pre-test at post-test upang matukoy kung paano nakaapekto ang paggamit ng *code-switching* sa antas ng pag-unawa at akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa nabanggit na asignatura.

Ang mga sumusunod na talahanayan ay nagpapakita ng antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa nasabing asignatura. Sa pagsusuring ito, ginamit ang *hypothetical mean* na itinakda sa 60%, alinsunod sa pamantayan ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd), (*DepEd Order No. 8 series of 2015*), bilang batayan sa pagtataya ng akademikong kasanayan. Samantala, ang *actual mean* ay kinuha batay sa aktwal na markang nakuha ng mga mag-aaral mula sa isinagawang pre-test at post-test.

Antas ng paggamit ng code-switching ng mga mag-aaral sa asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik

Ipinapakita ng pangatlong talahanayan ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Baitang 11 sa pag-unawa sa paksa ng *Mga Hakbang sa Pagpili ng Paksa*, na bahagi ng asignaturang *Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik* bago pa ang interbensyon.

Talahanayan 3

Antas ng paggamit ng code-switching ng mga mag-aaral sa asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik (Pre-Test)

Group	n	H.M. ^a	A.M.	SD	Test Statistics		Qualitative Description
					Computed z	Tabled Value at $\alpha = 0.05$	
Control	30	12	3.53	2.181	21.271*	1.96	Below Average
Experimental	30	12	3.56	1.829	25.275*	1.96	Below Average

H.M.^a = 60% of 20 points

**significant*

Bagama't may bahagyang kalamangan ang pagkakaiba ng kanilang mga *average* na marka, kapwa ito mas mababa sa *hypothetical mean* (H.M.) na 12. Ito ay nangangahulugang ang parehong grupo ay hindi umabot sa itinakdang pamantayan ng Department of Education (DepEd), kaya ang kanilang *qualitative description* ay *Below Average*. Ibig sabihin nito na ang parehong grupo ay wala pang sapat na kaalaman tungkol sa paksa.

Makikita na ang *computed z-value* ng kontrol na grupo ay 21.271, at 25.275 naman para sa experimental na grupo. Ang mga numerong ito ay parehong mas mataas kaysa sa *tabled value* na 2.045 sa antas ng *significance* na $\alpha = 0.05$ at 29 *degrees of freedom*, na nagpapahiwatig ng makabuluhang pagkakaiba. Dahil dito, hindi tinatanggap ang *null hypothesis* (H_0) para sa parehong grupo.

Talahanayan 4

Antas ng paggamit ng code-switching ng mga mag-aaral sa asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik (Post-Test)

Group	n	H.Ma	A.M.	SD	Test Statistics		Qualitative Description
					Computed z	Tabled Value at $\alpha = 0.05$	
Control	30	12	12.71	1.734	2.243*	1.96	Above Average
Experimental	30	12	15.44	1.196	15.754*	1.96	Above Average

H.M.^a = 60% of 20 points

**significant*

Ipinapahiwatig ng talahanayan na ang H_0 ay hindi tinatanggap sa parehong grupo, na nangangahulugang ang kanilang mga *actual mean* ay may makabuluhang pagkakaiba mula sa *hypothetical mean* (12.00).

Bagama't parehong nakapaloob sa *qualitative description* na *Above Average* ang dalawang grupo, kapansin-pansin na mas mataas ang antas ng kakayahan ng experimental na grupo pagdating sa paggamit ng *code-switching*. Mas malaki rin ang *computed z-value* ng experimental na grupo (15.754) kumpara sa kontrol na grupo (2.243), na

nagpapakita ng mas malakas na estadistikal na ebidensya ng pagkakaiba ng mga ito. Bukod dito, ang mas mababang SD ng experimental group ay nagpapahiwatig ng mas konsistent o homogenous na performance ng mga mag-aaral sa naturang grupo.

Ang resulta ng ito ay sumusuporta sa pag-aaral ni Asuncion (2010) na nagsasabi na ang *code-switching* ay epektibong estratehiya sa pagtuturo at nakatutulong sa pag-unlad ng kasanayan sa bilingualismo at pagpapahayag ng kaisipan. Ang mas mataas na *mean score* ng experimental na grupo ay nagpapahiwatig na ang paggamit ng *code-switching* ay naging mabisang kasangkapan sa pagpapahayag at pagkatuto. Dagdag pa ni Yi (2017), ang paggamit ng *code-switching* ay may positibong epekto sa *critical thinking* ng mga mag-aaral. Ang positibong resulta ng *post-test* ay mas naipapaliwanag ng experimental na grupo ang kanilang ideya gamit ang dalawang wika, na marahil ay nakatulong sa mas mataas nilang *performance*.

Ayon naman nina Garcia at Wei (2014), ang *code-switching* ay nagbibigay ng karagdagang konteksto sa pag-unawa sa aralin at makikita sa resulta ng mas mataas na *actual mean* ng experimental na grupo, na posibleng dahilan ng mas malalim nilang pagunawa sa teksto.

Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng mga datos na ang interbensyon na ibinigay sa experimental na grupo ay may positibong epekto sa antas ng paggamit ng *code-switching* ng mga mag-aaral.

Mean-gain sa Kasanayan ng mga Mag-aaral

Ang pagtukoy sa pagiging epektibo ng anumang programang pang-edukasyon o interbensyon ay isang mahalagang hakbang upang matiyak ang makabuluhang pagkatuto ng mga mag-aaral. Isang paraan upang masukat ang naging epekto nito ay sa pamamagitan ng pagsusuri sa "mean-gain" o ang katampatang pagtaas sa antas ng kanilang mga kasanayan at ito ay makikita sa mga sumusunod na talahanayan.

Talahanayan 5

Mean-gain sa kasanayan ng mga mag-aaral bago ng interbensyon

Group	Pre-Test Mean	SD	Difference Between Means	Test Statistics	
				Computed z	P- Value at $\alpha = 0.001$
Control	3.53	2.181	0.03	0.058*	3.291
Experimental	3.56	1.829			

* not significant

Ang computed z-value ay 0.058, na mas mababa sa z-critical value na 3.291 sa antas ng significance na $\alpha = 0.001$. Dahil dito, hindi ito statistically significant, kaya't hindi tinatanggi ang null hypothesis. Ibig sabihin, walang makabuluhang pagkakaiba sa pre-test scores ng dalawang grupo. Sa madaling salita, magkakatulad ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral mula sa kontrol at eksperimental na grupo bago ang pagtuturo o interbensyon, kaya't maaaring ituring na patas ang panimulang kondisyon ng dalawang grupo para sa layunin ng pananaliksik.

Talahanayan 6

Mean-gain sa kasanayan ng mga mag-aaral pagkatapos ng interbensyon

Group	Post-Test Mean	SD	Difference Between Means	Test Statistics	
				Computed z	P- Value at $\alpha = 0.001$
Control	12.71	1.734	2.73	7.099*	3.291
Experimental	15.44	1.196			

*significant

Ang resulta ay nagpapakita na ang experimental na grupo ay mas mahusay ang naging pagganap sa *post-test* kumpara sa kontrol na grupo matapos ang interbensyon. Dahil dito, ang *null hypothesis* (H_0) ay hindi tinatanggap, at maaaring sabihin na ang interbensyon na paggamit ng *code-switching* bilang estratehiya sa pagtuturo ay may positibong epekto sa kakayahan ng mga mag-aaral sa asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik. Sumusuporta ito sa pag-aaral nina Villanueva at Gamiao (2022) na pinamagatang *Effects*

of Code Switching Among College Instructors and Students in a Philippine Classroom Setting, natuklasan nilang ang *code-switching* ay nakatutulong sa mas malinaw na instruksyon, nagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral, at nag-aalis ng *language barrier* sa loob ng klase. Kahalintulad din ng pag-aaral nina Canilao at Rodriguez (2015), na nagsasaad na ang paggamit ng *code-switching* sa klase ay nakatutulong sa mas mabilis na pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga aralin at pagpapabuti ng kanilang akademikong pagganap.

Sa maraming pagkakataon na hindi nagagawang makipagkomunikasyon ng mga mag-aaral gamit ang wikang panturo, napatunayang epektibong teknik sa pagtuturo at pagkatuto ang *code switching* sa mga paaralang gumagamit ng pangalawang wika bilang midyum ng pagtuturo (Aichum, 2003; Brock-Utne, 2002; Huerta-Macias & Quintero, 1992; Ogechi, 2002; Zabrodska, 2007). Dagdag pa rito, ayon kina Mishra & Yadav, (2013) ang *code switching* ay itinuturing na isang napakahalagang aspeto sa parehong pagunlad ng kognitibo at panlipunang komunikasyon (hango sa sipi nina Simasiku et al).

Sa kabuuan, ipinapakita ng datos na ang paggamit ng *code-switching* ay epektibong nakatulong sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral, kung ihahambing sa tradisyunal na paggamit ng Filipino lamang. Ang mas mataas na *mean score* ng experimental na grupo ay indikasyon na ang estratehiyang ito ay maaaring gamitin bilang alternatibo o suplementaryo sa kasalukuyang pamamaraan ng pagtuturo.

Mga Natuklasan

Sinuri ng pag-aaral na ito ang epekto ng *code-switching* sa akademikong kakayahan ng mga mag-aaral sa asignaturang *Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik*. Sa bahaging ito, pinagsama at ininterpret ng mananaliksik ang mga datos mula sa isinagawang pre-test at post-test sa dalawang pangkat: ang kontrol na grupo at ang experimental na grupo. Batay sa pagtatasa ng mga datos, ang mga sumusunod ang mahahalagang natuklasan ng pag-aaral:

Resulta ng Pre-Test. Ang parehong grupo, kontrol at eksperimental ay may mababang antas ng kaalaman ukol sa paksang "Mga Hakbang sa Pagpili ng Paksa." Ang *mean score* ng kontrol na grupo ay 3.53 habang ang eksperimental na grupo ay may *mean* na 3.56, kapwa mas mababa sa itinakdang hypothetical *mean* na 12 (60% ng kabuuang puntos). Ang kanilang mga marka ay may deskripsiyong "Below Average," na nangangahulugang hindi pa sapat ang kanilang kaalaman bago ang interbensyon. Ipinapakita rin ng pagsusuri na walang makabuluhang pagkakaiba sa paunang antas ng kaalaman ng dalawang grupo, kaya't masasabi na pareho silang nagsimula sa parehong antas.

Resulta ng Post-Test. Makabuluhang pagbabago ang nakita sa Post-Test ng parehong grupo matapos ang interbensyon. Umangat ang *mean score* ng kontrol na grupo sa 12.71, at mas mataas naman ang sa eksperimental na grupo na may *mean* na 15.44. Pareho na silang nakapaloob sa deskripsiyong "Above Average," subalit mas kapansin-pansin ang pagtaas ng marka ng eksperimental na grupo. Bukod pa rito, mas mababa ang standard deviation ng eksperimental na grupo (1.196) kaysa sa kontrol (1.734), na nagpapahiwatig ng mas konsistent na performance ng mga mag-aaral sa grupong ginamitan ng *code-switching*.

Mean Gain at Paghahambing ng Dalawang Grupo. Sa pagsusuri ng *mean-gain* mula pre-test hanggang post-test, nakita na ang kontrol na grupo ay may pagtaas na 9.18 puntos, samantalang ang eksperimental na grupo ay may pagtaas na 11.88 puntos. Gayunpaman, ang computed *z-value* ng kontrol na grupo (0.058) ay hindi umabot sa kritikal na antas upang maituring na makabuluhan, samantalang ang eksperimental na grupo ay may computed *z-value* na 7.099, na makabuluhan sa antas na $\alpha = 0.001$. Ibig sabihin, ang pagtaas ng marka sa eksperimental group ay hindi lamang mas mataas kundi maituturing na statistically significant.

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga datos na ang paggamit ng *code-switching* bilang estratehiya sa pagtuturo ay may positibong epekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Mas mataas ang naging pag-unawa at mas mahusay ang naging performans ng mga mag-aaral na tinuruan gamit ang *code-switching* kung ihahambing sa mga tinuruan gamit ang tradisyunal na pamamaraan.

Implikasyon

Batay sa resulta ng pag-aaral, may ilang mahahalagang implikasyon ang paggamit ng *code-switching* bilang estratehiya sa pagtuturo, partikular sa asignaturang *Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik*.

Una, sa konteksto ng pagtuturo, ipinapakita ng pag-aaral na ang integrasyon ng *code-switching* ay maaaring makatulong sa pagpapahusay ng pag-unawa ng mga mag-aaral, lalo na sa mga paksang nangangailangan ng mas mataas na antas ng kognitibong kasanayan. Ipinahihiwatig nito na ang pagbibigay ng kalayaan sa mga guro na gumamit ng dalawang wika sa loob ng klasrum ay maaaring magpapalalim ng diskurso at magbigay ng suporta sa mga mag-aaral na nahihirapan sa wikang akademikong.

Ikalawa, sa aspeto ng disenyo ng kurikulum at mga materyales sa pagtuturo, lumalabas na nararapat na isaalang-alang ng mga tagadiseno ng kurikulum at manunulat ng *instructional materials* ang paggamit ng *code-switching* upang higit na maging angkop, epektibo, at inklusibo ang mga kagamitang panturo para sa mga mag-aaral na nagmula sa iba't ibang lingguwistikong background.

Ikatlo, para sa mga tagapamahala ng edukasyon at tagagawa ng polisiya, ipinahihiwatig ng resulta ng pananaliksik na ang *code-switching* ay hindi dapat ituring na hadlang sa pagtuturo, kundi isang mabisang kasangkapan kung ito ay gagamitin nang wasto at may malinaw na layunin. Mahalaga ring isaalang-alang ang pagbabalangkas ng mas kontekstuwal at bukas na polisiya hinggil sa paggamit ng wika sa loob ng silid-aralan, lalo na sa mga rehiyon kung saan laganap ang multilinggwalismo.

Sa kabuuan, ang pag-aaral ay nagpapakita ng pangangailangang muling pag-isipan ang pananaw sa eksklusibong paggamit ng iisang wika bilang midyum ng pagtuturo. Sa halip, dapat kilalanin ang *code-switching* bilang isang lehitimo at makabagong pedagogical strategy na mas nakaugat sa realidad ng komunikasyon at pagkatuto ng mga mag-aaral sa kasalukuyang konteksto ng edukasyon.

KONKLUSYON AT MGA REKOMENDASYON

Konklusyon

Ipinapakita ng mga resulta na ang paggamit ng *code-switching* ay isang epektibong interbensyon sa pagpapabuti ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pagsusuri ng mga akademikong teksto. Samakatuwid, maaaring isaalang-alang ng mga guro ang integrasyon ng *code-switching* sa pagtuturo bilang isang makabagong pamamaraang lingguwistiko na tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral tungo sa mas malalim na pag-unawa at aktibong partisipasyon sa klase.

Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan at kongklusyon ng pag-aaral, iminungkahi ng mananaliksik ang mga sumusunod na rekomendasyon:

1. Iminungkahi ang paggamit ng *code-switching* sa pagtuturo upang mapadali ang pag-unawa sa mahihirap na konsepto. Gayundin, nararapat na sanayin ang mga guro sa tamang paggamit nito sa pamamagitan ng mga capacity-building workshop upang maiwasan ang maling interpretasyon at labis na pagdepende sa paggamit ng *code-switching*.
2. Isaalang-alang ang paggamit ng *code-switching* sa mga seksyong may mababang kakayahan sa akademikong Filipino. Maaaring maging mas epektibo ito para sa mga mag-aaral na nahihirapan sa pag-unawa ng wikang akademiko, kaya't nararapat itong gamitin sa pagdidisenyo ng mga interbensyon sa pagtuturo.
3. Imungkahi ang mas malalim na pananaliksik sa epekto ng *code-switching* sa iba't ibang asignatura at antas ng edukasyon upang mapalawak ang kaalaman at matukoy ang mas angkop na aplikasyon nito. Mahalaga ring gamitin ang resulta ng mga pag-aaral bilang batayan sa pagdisenyo ng mga materyales sa pagtuturo tulad ng modyul at activity sheets upang mas maging angkop at accessible para sa mga mag-aaral na may iba't ibang kakayahan sa wika.

TALASANGGUNIAN

- Abastillas, J. (2015). *Divergence in Cebuano and English code-switching practices in Cebuano speech communities in the Central Philippines* [Unpublished master's thesis]. University of Hawai'i at Mānoa. <https://www.scribd.com/document/374567755/Divergence-in-Cebuano-and-English-Code-switching-Practices-in-Cebuano-Speech-Communities-in-the-Central-Philippines>
- Aguirre, A. J. (2025). *Code-Switching, Intuitive Knowledge, and the Bilingual Classroom*. Ed.gov. <https://eric.ed.gov/?id=ED316036>
- Appel, R., & Muysken, P. (1987). *Language contact and bilingualism*. Edward Arnold. <https://www.aup.nl/en/book/9789048504138/language-contact-and-bilingualism>
- Bautista, M. L. S. (2004). *Tagalog-English code-switching as a mode of discourse*. *Asia-Pacific Education Review*, 5(2), 226-233. <https://doi.org/10.1007/BF03024960>
- Bullock, B. E., & Toribio, A. J. (Eds.). (2009). *Cambridge handbook of linguistic code-switching*. Cambridge University Press. <https://doi.org/10.1017/CBO9780511576331>
- Canagarajah, S. (2013). *Translingual practice: global Englishes and cosmopolitan relations*. Routledge.

- Cherry, K. (2023). Lev Vygotsky's sociocultural theory of cognitive development. Verywell Mind. <https://www.verywellmind.com/lev-vygotsky-biography-2795533>
- Creese, A., & Blackledge, A. (2010). Translanguaging in the Bilingual Classroom: A Pedagogy for Learning and Teaching? *The Modern Language Journal*, 94(1), 103–115. JSTOR. <https://doi.org/10.2307/25612290>
- Creswell, J. W. (2009). *Research design : Qualitative, Quantitative and Mixed Methods Approaches*. (3rd ed.). Sage Publications, Inc. https://www.ucg.ac.me/skladiste/blog_609332/objava_105202/fajlovi/Creswell.pdf
- DepEd (April 1, 2015). Policy Guidelines on Classroom Assessment for the K to 12 Basic Education Program, DepEd Order No. 8, series of 2015. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2015/04/DO_s2015_08.pdf
- Durwin, C. C., & Reese-Weber, M. (2019). Lifespan human development: A topical approach. Baylor University Open Textbooks. <https://openbooks.library.baylor.edu/lifespanhumandevlopment/chapter/chapter-9-3-vygotskys-sociocultural-theory/>
- Ezeh, N. G., Umeh, I. A., & Anyanwu, E. C. (2022). Code Switching and Code Mixing in Teaching and Learning of English as a Second Language: Building on Knowledge. *English Language Teaching*, 15(9), 106. <https://doi.org/10.5539/elt.v15n9p106>
- Gardner-Chloros, P. (2009). Code-switching. In *Cambridge University Press*. Cambridge University Press. <https://www.cambridge.org/core/books/codeswitching/11E359BFC45F331519170EE425117736>
- Hughes, C. E., Shaunessy, E. S., Brice, A. R., Ratliff, M. A., & McHatton, P. A. (2006). Code Switching among Bilingual and Limited English Proficient Students: Possible Indicators of Giftedness. *Journal for the Education of the Gifted*, 30(1), 7–28. <https://doi.org/10.1177/016235320603000102>
- Lachica, V. S. (2001). *Komunikasyon at linggwistika*. Manila GMK Publishing House 2001.
- McLeod, S. (2023). Vygotsky's sociocultural theory of cognitive development. Simply Psychology. <https://www.simplypsychology.org/vygotsky.html>
- Mona, A. (2024). Code-Switching in Multilingual Societies. *European Journal of Linguistics*, 3(1), 38–51. <https://doi.org/10.47941/ejl.1770>
- Mortega, J. R. N. (2022). International Journal of English Language, Education and Literature Studies (IJEEL). *International Journal English Language, Education and Literature Studies (IJEEL)*. <https://doi.org/10.22161/ijeel>
- Oliver, E. P., Eguia, M. L., & Lopez, P. M. (2025). PAGGAMIT NG MULTILINGGWAL BILANG ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies*, 5(1), 39–47. <https://doi.org/10.47760/cognizance.2025.v05i01.003>
- Sakaria, S., & Priyana, J. (2018). Code-Switching: A Pedagogical Strategy in Bilingual Classrooms. *American Journal of Educational Research*, 6(3), 175–180. <https://doi.org/10.12691/education-6-3-3>
- Simasiku, L., Kasanda, C., & Smit, T. (2015). Can Code Switching Enhance Learners' Academic Achievement? *English Language Teaching*, 8(2). <https://doi.org/10.5539/elt.v8n2p70>
- Turnbull, M., and Arnett, K. "Teachers' uses of the target and first languages in second and foreign language classrooms", *Annual Review of Applied Linguistics*, 22, 204–218, 2002.
- Villanueva, L., & Gamiao, B. (2022). Effects of Code Switching Among College Instructors and Students In a Philippine Classroom Setting. *American Journal of Multidisciplinary Research and Innovation*, 1(2), 70–77.
- Wikipedia contributors. (2023, November 20). Code-switching. Wikipedia. <https://en.wikipedia.org/wiki/Code-switching>
- Yang, C. (2025). Translanguaging in Chinese Third Language Classrooms: Teachers' and Students' Practices and Attitudes. *Frontiers in Humanities and Social Sciences*, 5(3), 373–385. <https://doi.org/10.54691/hyxwwm53>